# ANG EDUKASYON…NOON AT NGAYON

*by:*
**Jhoanne S. Hernandez**
*Teacher III, Pagalanggang National High School*

Ang kahalagahan ng edukasyon ay hindi naman nagbago noon at maging sa ngayon.Totoo na ang edukasyon ay isang bentahe ng isang nakatapos ng pag-aaral. Marami na ring mga kilalang tao na nakapag-aral at naging maganda ang pamumuhay. Laging sinasabi ng ating mga magulang na walang maipamamana sa kanilang anak kundi ang pag-aaral na hindi nakukuha o masisira ng sinuman lalo na kung ang kanilang buhay ay 'di ganun kasagana. Dahil sa kahirapan ng buhay, itong edukasyon ang pinaniniwalaan na makakasagot sa kanilang kahirapan. Ang edukasyon ay maituturing na kasagutan rin sa lumalalang problema ng kawalan ng trabaho na nagdudulot ng kahirapan sa marami o sa kabuuan maging ng buong bansa. Kaya naman patuloy na hinihimok ng Kagawaran ng Edukasyon na lahat ng batang Pilipino ay dapat nasa paaralan at makatapos ng kurso nito. Isa ito sa karapatan ng kabataang Pilipino, ang magkaroon ng kalidad na edukasyon mul aelementarya, sekondarya, at hanggang sa kolehiyo. Ang edukasyon ay pagkakaroon ng kaalaman at pagsasanay ng kakayahan upang maging produktibo ang bawat isa sa ikakalago ng sarili, pamilya at ng iba. Isa rin itong matatawag na puhunan ng bawat isa upang mapaunlad ang kanilang komunidad na kinabibilangan (Wikipedia, 2019). Marami na ring mga pagbabago sa edukasyon noon hanggang sa ngayon at maaari sa ating hinaharap. Noon, marami ang hindi nakakapag-aral dahil sakakulangan ng pinansyal na pantustos sa kanilang pag-aaral simula sa elementarya hanggang kolehiyo. Mapalad na ang makatapos saelementarya noon. Dahil sa laki ng gastos nahaharapin sa kurso ng pag-aaral. Ilan lang din noon ang mga matataas na paaralang pang- sekondarya at kolehiyo sa mga probinsya. Kaya't nangingibang bayan pa ang iba para lang makapag-aral ng kolehiyo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa ngayon naman ay naglipana ang mga iskolarship na ipinagkakaloob sa mga nagnanais na makatapos ng pag-aaral. Marami na ring mga paaralan sa bawat lugar na maaring mapasukan para makapag-aral. Mas naging bukas na ang mga tao sa importansya ng pag-aaral. Isa rin sa pagbabago ngayon ay ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya upang mapadali ang pag-aaral at kahit hindi ka mangibang bayan ay maari ka ring makapag-aral sa pamamagitan ng kompyuter o yung tinatawag na Open University. Ito ang pagsasabmit ng mga natapos mo ng modyul sa online. Gayundin naman, sa lumipas na mga panahon, naging mahigpit na ang kompetesisyon lalo na sa paghahanap ng trabaho na kadalasang hinahanap ay nakatapos ng kolehiyo. At kung hindi'man, ay nakatapos man lang ng sekondarya. At higit sa lahat, 'pagikaw ay nakatapos ng kolehiyo, maaaring maging maganda ang inyong maging posisyon sa isang kumpaya o kaya naman ay mabigyan ng magandang oportunidad at magkaroon ng mataas na posisyon at magkaroon ng mataas na sweldo. Kapag ikaw naman ay nakatapos ng elementarya minsan ay makakaranas ng hirap lalo na sa paghahanap ng trabaho at sa huli, ang tinatawag na "blue collar jobs" ang siyang mapapasukan. Ngunit, kapag ikaw naman ay nakatapos ng sekondarya ay maaari ka namang mag- aplay sa mga establisyemento na aangkop sa iyong kakayahan o talento.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang edukasyon ay isang paraan para mabago ang estado ng pamumuhay ng isang tao maging pormal man or impormal na pag-aaral. Ito ay naglalayon na mapabuti ang pamumuhay o katayuan ng isang tao. Maraming tao ang nakapag-aral na nabigyan ng magagandang trabaho at naging masagana ang pamumuhay. Sa huli, hindi matatawaran benepisyong nakatapos ng pag-aaral. Ito ang isang susi para sa isang magandang kinabukasan upang sa gayon ay makatulong sa ating sarili, pamilya, ating pamayanan at sa higit sa lahat sa ating bansa.

*References:*

https://tl.wikipedia.org/wiki/Edukasyon